

# Flood Insurance at ang Increased Cost of Compliance - Paano ito Nakakatulong

---

Release Date: Feb 27, 2023

Kung mayroon kang policy sa National Flood Insurance Program (NFIP) at malaki ang naging pagkasira sa iyong bahay ng Bagyong Ian o Nicole, maaari kang maging kuwalipikado para sa karagdagang coverage sa ilalim ng aming policy.

## Anong tulong ang available?

Pagkatapos ng pagbaha, aalamin ng mga lokal na opisyal kung "malaki ang pagkasira" sa istraktura.

Ang coverage na Increased Cost of Compliance (ICC) ay kasama sa Standard Flood Insurance Policy at dagdag ito sa regular na coverage sa baha para ipaayos ang aktwal na pisikal na pagkasira sa gusali na dulot ng baha.

Sa ilalim ng coverage na ito, maaari kang maging karapat-dapat na tumanggap ng hanggang \$30,000 upang makatulong sa pagbabayad ng gastos upang maging nakasunod (in compliance) ang iyong bahay sa mga iniaatas sa pamamahala ng lugar na madalas bahain sa iyong komunidad.

Makakatulong ang mga pondo ng ICC na mabayaran ang mga gastos sa pagtataas, pagprotekta sa baha, paggiba o paglipat ng residensyal na istraktura. Available rin ang coverage ng ICC sa mga hindi residensyal na gusali, kabilang ang mga pampubliko at panggobyernong gusali tulad ng mga paaralan, aklatan at munisipal na istraktura na naka-insure sa ilalim ng NFIP policy.

Maaari kang magtanong sa iyong claims adjuster o insurance agent ng tungkol sa ICC coverage. Naaangkop ito sa mga bahay na matatagpuan sa Special Flood Hazard Area, o sonang binabaha.



**FEMA**

Page 1 of 2

Ang aktibidad ng mitigasyon na pinopondohan sa pamamagitan ng pagbabayad ng ICC ay kailangang makumpleto nang hindi lalampas ng anim na taon pagkatapos ng petsa ng pagkawala dahil sa baha. Kung hindi pumasa sa pinal na inspeksyon ang gawain bago ang deadline, maaaring humiling ang may-ari ng tirahan mula sa insurance carrier ng waiver ng petsa ng pagkumpleto ngunit kailangang magbigay ng dokumentasyon ng mga dahilan kung bakit kailangang ibigay ang naturang waiver.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pangkalahatang flood insurance, makipag-ugnayan sa iyong insurance agent o NFIP sa 800-427-4661. Maaari ka ring mag-email sa [FloodSmart@dhs.gov](mailto:FloodSmart@dhs.gov) para humingi ng impormasyon sa isang wika maliban sa Ingles. Ang impormasyon ay makukuha sa [FEMA.gov](https://www.fema.gov) at [FloodSmart.gov](https://www.floodsmart.gov).



**FEMA**

Page 2 of 2